



MEDIA ADVISORY

baaqmd.gov



PETSA: Setyembre 19, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Iho-host ng Distrito ng Hangin ang Talakayan sa Malinis na Hangin sa Vallejo sa Oktubre 5

Iniiimbihan ang publiko na magbahagi ng mga tanong at alalahanin sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Magho-host ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng harapang pag-uusap sa Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Davina Hurt sa **Sabado, Oktubre 5, 2024, mula 12 ng tanghali – 1 p.m.** sa Vallejo John F. Kennedy Library. Tutuon ang pag-uusap sa mga tanong at alalahanin sa komunidad tungkol sa mga isyu sa kalidad ng hangin at pagbabago ng klima.

ANO: Pagtalakay tungkol sa mga isyu sa kalidad ng hangin at alalahanin

SINO: Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Davina Hurt

KAILAN: Sabado, Oktubre 5, 2024, mula 12 ng tanghali - 1 p.m.

SAAN: Vallejo John F. Kennedy Library
505 Santa Clara Street
Vallejo, CA 94590

Ang kaganapang ito ay pangatlo sa mga serye ng *Mga Talakayan sa Malinis na Hangin* na gagawin sa buong Bay Area. Isa itong oportunidad para sa publiko na magkaroon ng isang hindi pormal na pag-uusap sa Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin na si Davina Hurt, at magbahagi ng mga saloobin, ideya at alalahanin sa ibang tao sa komunidad.

Bukod sa pagsisilbi bilang Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin, si Davina Hurt ay isa ring miyembro ng Lupon ng Lupon ng mga Tagapagdulong ng Hangin ng California, Pangalawang Tagapangulo ng Komisyon ng Malinis na Tubig ng Silicon Valley, at miyembro ng konseho at dating alkalde ng Lungsod ng Belmont. Ang mga komentong ginawa sa Mga Talakayan sa Malinis na Hangin ay ibabahagi sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin na may 24 na miyembro sa kanilang mga buwanang pagpupulong.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area.

Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [X/Twitter](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)